

Paano Tumakbo bilang isang Delegado sa Pambansang Kombensiyon

Ang Nevada ay nakalaan:

- **23** Distritong-lebel na mga delegado, **2** Distritong-lebel na mga kahalili
- **5** Pinuno ng Partido at Nahalal na Opisyal (PLEO) na mga delegado
- **12** Awtomatikong delegado
- **8** karamihan ng mga delegado, **1** karamihan na kahlili.

Kung ang isang Demokratiko ng Nevada ay gustong making isang delegado sa pambansang kombensiyon, sila ay dapat :

1. Makilahok sa Araw ng Pagpupulong ng Partido (Pebrero 22, 2020), o makilahok sa panahon ng maagang halalan
2. Dumalo sa kanilang Panglalawigang Kombensiyon
3. Dumalo sa Kombensiyon ng Demokratikong Partido ng Estado ng Nevada.

Unang Hakbang: Ang unang hakbang sa pagtakbo bilang isang delegado ay ang paglahok sa Araw ng Pagtitipon ng Partido o sa panahon ng maagang halalan.

Paghihirang ng Delegado

Ang mga delegado ay maaaring ihirang ang kanilang sarili o ihirang ng ibang tao. Upang ideklara ang iyong pagkakahirang , kailangan mong i-fill out ang filing form sa pagpupulong ng partido sa iyong presinto o sa lokasyon ng maagang halalan.

Eleksyon ng Delegado

Upang punuin ang mga posisyon ng mga delegado na iginawad sa bawat na kagustuhang grupo, ang mga kwalipikadong makikilahok, sa loob ng kagustuhang grupong nila, ay boboto gamit ang pagtaas ng kamay ng mga delegado sa panlalawigang kombensiyon sa mga pagtitipon ng partido sa kanilang presinto sa araw ng pagtitipon ng partido.

Ang mga kagustuhang grupo ay boboto ng pantay na numero ng mga lalaki at babae hangga't maisasagawa. Sa kaso ng mga delegado na ang kasarian ay non-binary, hindi sila maibibilang sa kahit alin na kategorya ng lalaki o babae.

*Alinmang tao ang naihalak bilang isang delegado na hindi dumalo sa pagpupulong ng partido sa presinto o maagang pagboto, ay hindi na maaari na tumakbo sa alinmang pambansang posisyon ng delegado.

Ang mga humalili

Ang mga humalili sa panlalawigang kombensiyon ay ibinoboto gamit ang parehong alituntunin bilang mga delegado ng panlalawigang kombensiyon. Ang mga presinto ay maaaring bumoto ng kalahating bilang ng mga kahalili habang sila ay pinaglalaanan ng mga delegado.

Ikalawang Hakbang: Ang ikalawang baitang at hakbang sa pagpili ng isang delegado ay ang mga panlalawigang kombensyon, na gaganapin sa Abril 18, 2020. Ikaw ay dapat dumalo sa panlalawigang kombensiyon upang maging karapat-dapat na tumakbo bilang isang delegado sa pambansang kombensiyon.

Ang pagsisimula

Ang panglalawigang kombensiyon ay magsisimula nang hindi lalampas ng 10:00 ng umaga sa Sabado, Abril 18.

Mga kahalili

Ang mga humahalili sa panlalawigang kombensiyon ay papayagang dumalo kung ano man ang estado ng kanilang pagboto. Kung may bakante sa nakalaang numero ng mga delegado ng panlalawigang kombensiyon, ang mga kahalili ay papayagang lumahok bilang isang delegado na boboto base sa utos ng oras ng kanilang pag-sign-in at sa kanilang piniling pangulo. Wala sa mga humahalili ang bibigyan ng pwesto hanggang sa pagsara ng pagrerehistro sa tanghali at ang lahat ng mga kwalipikadong delegado ay naipwesto na.

Halalan

Ang halalan ng mga delegado at kahalili sa estadong kombensiyon ay mangyayari sa mga panlalawigang kombensiyon. Ang mga delegado ay iboboto sa pagpapatotoo. Kung ang bilang ng mga delegado at kahalili sa isang panlalawigang kombensiyon ay hindi lalagpas sa pinakamaraming ibinahaging delegado sa pang-estadong kombensiyon, ang lahat ng mga delegado at kahalili ay magiging awtomatikong delegado sa pang-estadong kombensiyon.

Ikatlong hakbang : Ang ikatlong baitang at hakbang sa proseso sa pagpili ng isang delegado ay ang Pang-estadong Kombensiyon , na gaganapin sa Mayo 30, 2020 , upang ihalal ang mga delegado sa Demokratikong Pambansang Kombensiyon.

Kwalipikado

Ang isang distritong lebel na delegado at kahaliling kandidato ay maaaring tumakbo sa eleksyon sa loob lamang ng distrito kung saan sila ay nakarehistro para bumoto

Pagpapahayag ng Pagkakandidato

Ang isang indibidwal ay maaaring maging kwalipikado bilang isang kandidato sa distritong lebel ng delegado o kahalili sa 2020 Demokratikong Pambansang Kombensiyon sa pamamagitan ng pagpuno ng Pagpapahayag ng Pagkandidato na nagtatalaga ng nag-iisang kagustuhan sa kandidatong sa pagka-pangulo at isang pirmadong pangako ng suporta sa kandidato sa pagka-pangulo na may Partidong Pang-estado sa **10:00 ng umaga sa Mayo 29, 2020**. Ang mga pahayag ng pagkandidato ay maaaring ipresenta nang personal, sa pamamagitan ng liham, sa pamamagitan ng email, o sa pamamagitan ng fax sa Demokratikong Partido ng Estadong Nevada , 2320 Paseo Del Prado Suite B107, Las Vegas, NV 89102. Ang mga faxes ay naka direkta sa 702-735-2700. Ang mga emails ay naka-direkta sa **filings@nvdems.com**. Ang isang kandidato pang distritong lebel o humahaliling kandidato ay maaaring baguhin ang kanilang nag-iisang kagustuhan sa pagka-pangulo sa pamamagitan ng bagong pangako ng suporta na hindi lalampas sa pag-file ng deadline.

Karapatang Magrepaso ng Kandidatong Pang-pangulo

Ang Pinuno ng Pang-estadong Partido ay magbibigay ng listahan ng lahat ng mga taong na nag-file bilang isang delegado o kahalili na nangako ng suporta para sa kandidatong pang-pangulo o ang awtorisadong (mga) kumakatawan sa kandidato.

Bawat kandidato sa pagka-pangulo, o ang awtorisadong (mga) kumakatawan sa kandidato, ay dapat mag-file kasama ang Pinuno ng Partido ng Estado ng listahan ng lahat ng kandidato na kanilang inaprubahan, pasubali na ang pag-aapruba na iyon ay ibibigay sa hindi bababa sa tatlong (3) magkakahiwalay na indibidwal para sa bawat posisyon para sa delegado at tatlong (3) indibidwal para sa bawat kahaliling posisyon na pipiliin.

Ang mga kandidato sa delegado at kahalili sa Pambansang kombensiyon na inalis sa listahan ng mga tunay na taga-suporta ng isang kandidato sa pagka-pangulo , o ang awtorisadong (mga) kumakatawan ng isang kandidato, ay maaaring hindi iboto bilang delegado o kahalili sa ganoong lebel ng pangako sa kandidatong pang-pangulo.

Halalan sa Mga Pambansan Delegado

Ang pang-distritong lebel ng mga delegado at kahalili ay pipiliin sa pamamagitan ng pagpupulong ng mga delegado ng pang-estadong pagpupulong ng partido na pumirma sa pagpapahayag ng suporta para sa kandidato ng pagka-pangulo sa pagtitipon sa presinto ng pagka-pangulo.